EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
SINGAPORE

MIS-1646-2017

14 Disyembre 2017

Sa mga minamahal kong kababayan,

Marahil ay nabalitaan niyo na ang aking nalalapit na pag-alis sa Singapore upang tanggapin ang pinakabagong hamon sa aking paglilingkod sa gobyerno – ang maging Konsul-Heneral ng Pilipinas sa Hong Kong.

Isa pong karangalan ang mapaglingkuran ang aking mga kababayan dito at taos-puso po akong nagpapasalamat sa suportang inyong ibinigay sa akin bilang Sugo ng Pilipinas dito sa Singapore.

Dadalhin ko sa Hong Kong ang mga magagandang alaala ng naging buhay ko sa nakalipas na mahigit tatlong taon dito.

Naging saksi ako sa mga di malilimutang kaganapan sa Singapore – mula sa pagdiriwang ng Singapore ng kanilang ika-50 taong kasarinlan, pagdaraos ng Southeast Asian Games, paghalal sa kanilang unang babaeng Pangulo Halimah Yacob, hanggang sa pagtatapos ng isang mahalagang kabanata sa kasaysayan ng Singapore - ang pagpanaw ng kanilang unang Punong Ministro Lee Kuan Yew.

Hindi ko rin malilimutan ang mga serbisyo at paglilingkod na naibigay ko sa mga kapwa Pilipino at sa pagpapalago ng relasyon sa pagitan ng Pilipinas at Singapore.

Kabilang na rito ang patuloy na pangangalaga sa karapatan at pagsulong ng kapakanan ng mga Pilipino sa Singapore, pagbibigay ng mga seminar upang gabayan ang mga bagong dating na mga Pilipinong manggagawa, pakikipagtulungan sa iba't-ibang sangay ng gobyerno sa Singapore tulad ng Ministry of Manpower, at pagsuporta sa mga iba't-ibang pagsasanay upang madagdagan ang kaalaman at kakayahan ng bawat Pilipino sa Singapore tulad ng tamang pag-iipon at pamumuhunan, at pagtaguyod ng negosyong pangkabuhayan.

Isang malaking hamon din ang pagsasagawa ng tahimik at maayos na halalan sa Singapore para magkaroon ng tsansa ang bawat Pilipino rito na piliin ang kanilang susunod na liderato. Ito naman ay nasundan ng pagbisita sa Singapore ni Pangulong Rodrigo R. Duterte noong nakaraang Disyembre taong 2016.

Naging aktibo rin ang relasyong pang-politikal, ekonomiya, at kultura ng ating dalawang bansa. Patuloy na nangunguna sa ASEAN ang Singapore sa pakikipagkalakalan at pamumuhunan sa Pilipinas.

20 Nassim Road Singapore 258395 Tel: 6737 3977 Fax: 6733 9544
Website: www.philippine-embassy.org.sg E-mail: php@philembassysg.org

Maraming mga Pilipinong sundalo ang nakikinabang sa mga pagsasanay na binibigay ng kanilang kapwa sundalo sa Singapore tungo sa epektibong pagsugpo sa banta ng terrorismo, lalung-lalo na ngayon sa katatapos lang na gulo sa Marawi.

Patuloy ang pagtatanghal ng iba't-ibang programang pang-kultura sa Singapore upang lalong maintindihan ang kahulugan ng pagiging Pilipino, kabilang na rito ang pagkakaroon ng Sentro Rizal sa embahada upang lalong palaguin ang kulturang atin.

Umaasa ako na ang mga gawain noong panahon ng aking panunungkulan ay magiging pundasyon naman ng magiging bagong ambasador ng Pilipinas sa Singapore. Nawa'y ibigay po natin ang suporta na ibinigay ninyo sa akin sa hahalili sa akin para sa patuloy na pagbuti ng relasyon ng ating bansa sa Singapore at para na rin sa ikagiginhawa ng pamumuhay nating mga Pilipino sa bansang ito.

Muli ako po ay nagpapasalamat at nagpapaalam sa inyong lahat.

Mabuhay ang Pilipinas.

Ang inyong lingkod,

ANTONIO A. MORALES
Ambasador